



### Ligtas na gamitin ang fireworks sa Canada Day

BRAMPTON, ON (Hunyo 25, 2021) – Pinapaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pagiging ligtas habang ginagamit ang fireworks sa Canada Day.

Kung pipiliin ng mga residente na magtipon-tipon sa labas kasama ang mga kaibigan at pamilya, hinihiling sila na panatilihin na sa una sa isip ang kalusugan at kaligtasan. Pumapasok ang Brampton sa Ikalawang Hakbang ng Strategic na Plano ng Lungsod sa Muling Pagbubukas sa Miyerkules, Hunyo 30 sa 12:01 am. Sa ilalim ng Ikalawang Hakbang, ang mga outdoor na pagtitipon-tipon ay limitado sa 25 tao. Ang mga indoor na pagtitipon-tipon ay limitado sa limang tao, kabilang ang mga miyembro mula sa naiibang mga sambahayan. Panailihing ligtas ang mga mahal sa buhay at ang komunidad. Isagawa ang mabuting kalinisan, lumayo sa iba at magsuot ng mask kapag mahirap gawin ang paglayo sa iba.

#### Kaligtasan sa Fireworks

Ang Canada Day ay isa sa apat na araw bawat taon kung kailan pinapayagan ang short-range fireworks sa pribadong ari-arian sa Brampton, nang hindi na kailangan ang permit, sa Brampton. Sa ilalim ng ordinansa, pinapayagan din ang fireworks sa Victoria Day, Diwali, at sa Bisperas ng Bagong Taon.

Ang short-range fireworks ay ang mga fireworks na hindi aabot sa tatlong metro (10 piye) kapag pinaputok (hal. fountains, wheels, ground spinners, sparklers). Iyan ay halos kasintaas ng isang bus ng Brampton Transit o isang basketball hoop.

Hindi pinapayagan sa Brampton ang lahat ng iba pang rocket-style fireworks. Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na hindi pinapayagan ang fireworks sa kalye, mga bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod, o sa iba pang mga ari-arian ng munisipyo o paaralan.

Kapag gumagamit ng short-range fireworks sa pribadong ari-arian, kailangang sundin ng mga residente ang mga pangkaligtasang pag-iingat na ito:

- Maghanda ng container ng tubig o isang hose line na puno ng tubig para apulain ang fireworks.
- Huwag na huwag sindihan ang firework o hawakan ang sinindihang firework sa inyong kamay, maliban ang isang sparkler.
- Huwag na huwag itapon o i-asinta ang fireworks sa ibang mga tao.
- Matapos gamitin ang sparklers, ilagay ang mga ito sa isang container ng tubig para ganap na lumamig bago itapon.
- Hayaang ganap na lumamig ang lahat ng fireworks bago itapon.

Kasalukuyang walang rehistradong mga retailer ng fireworks sa Brampton. Inirerekumenda namin na bilhin ang inyong fireworks mula sa lisensyadong mga retailer.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan ng fireworks at mga ordinansa, bisitahin ang [www.brampton.ca/fireworks](http://www.brampton.ca/fireworks).

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa  
Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)